

1

Nakatulala si Sydney habang ipinapaliwanag sa kanya ng abogado ang kasalukuyang predicament niya. Hanggang ngayon ay hindi pa rin siya makapaniwala. Ni sa panaginip ay hindi niya inisip na daranasin niya ang ganitong problema.

She was on a vacation spree with some friends in Boracay. Nagmemerienda sila sa isang coffee shop nang ibinalita sa TV na nag-suicide ang kanyang ama, isang dating governor ng Cavite. Ayon sa balita, natagpuan daw ng isang katulong sa silid nito ang amo na may tama ng baril sa sentido. Isang suicide note ang nasa work table nito. At ang nangyari sa nasirang pulitiko ay pinagpiyestahan ng media.

Alam niyang may kaso ng graft and corruption sa Ombudsman ang daddy niya. But he assured her that the accusation against him was false. She believed him. She had always believed him. She had always regarded her father with utmost respect. Kaya laking gulat niya nang tahasang aminin nito sa suicide note ang kasalanan.

Sa loob ng mahigit isang dekada nitong pagkakaupo sa puwesto, it turned out that he indeed

amassed a great deal of wealth dahil sa pagnanakaw sa kaban ng bayan. Yaman na pinagpasasaan niya ng matagal ding panahon.

“I’m sorry, Sydney, pero kailangang kumpiskahin ng gobyerno ang lahat ng properties ninyo kabilang na itong bahay. Your bank accounts will be frozen, and unless mapatunayan natin na hindi iyon kasama sa mga ninakaw ng daddy mo, hindi mo makukuha ang pera,” pahayag ni Atty. Elias Velasco.

“P-pero paano ako, Attorney? How will I survive kung kukunin nila sa akin ang lahat?” nag-aalalang tanong niya.

Malungkot na napailing ito. “I’m really sorry, Hija. Pero iyon ang batas. Wala rin akong magagawa para tulungan ka.”

Naisubsob niya ang mukha sa dalawang palad.

Dalawang araw pa lang na naililibing ang daddy niya. Ni hindi pa siya nakakabawi sa shock sanhi ng pagkawala nito. At ngayon, base sa sinabi ng matandang abogado, kailangan na niyang iwan ang bahay na kinalakhan niya dahil hindi na niya iyon pag-aari. Worst, wala siyang puwedeng dalhin kundi mga personal na gamit lang niya.

“Baka may mga kaibigan ka na p’wede mong

hingan ng tulong. Makituloy ka muna sa kanila pansamantala. I suggest na habang maaga'y lumipat ka na, Sydney. Anyday ay pupunta na dito ang mga taong kukuha ng mga gamit ninyo. Hindi mo kakayaning panoorin pa sila.”

Alam niyang tama ang kausap. Subalit kanino siya lalapit? The moment the news about her father came out, parang biglang nagkaroon ng selective amnesia ang mga kakilala at mga kaibigan niya. Nakalimutan na ang lahat ng patungkol sa kanya. Hindi na rin siya magtataka kung matutuklasan niyang itinakwil na siya ng iba pa nilang kamag-anak. She was practically alone and on her own.

Mapait siyang napangiti.

“I... I'll leave early in the morning, Attorney,” mahinang sabi niya.

Hindi alam ni Sydney kung saan siya pupunta. Bahala na. Makakaisip din siguro siya ng paraan, kapag kumalma na kahit kaunti ang pakiramdam niya. And if worse comes to worst, hindi naman siguro siya kasing-sama ng kanyang ama para pabayaang ng Maykapal.

The lawyer eyed her with pity. Parang may gusto itong sabihin, pero hindi na lang nito ginawa.

“Huwag kang mag-alala, Hija. Gagawa ako ng paraan. Sisikapin kong may maibalik man lang sa iyo kahit kaunti.”

Grateful na nginitian niya ang matanda.

“Salamat ho.” Iyon lamang ang nakuha niyang sabihin dahil nagbara na ang kanyang lalamunan. Unshed tears blurred her eyes.

Niyakap siya ni Atty. Velasco bago ito nagpaalam.

Forlorn and desolate... iyon ang pakiramdam niya. The house was empty and so quiet. Everything looked so bleak.

Parang bata siyang humiga sa sofa at namaluktot. Hindi na niya napigil ang pagbagsak ng luha. Humagulgol siya dahil sa kawalan ng pag-asa.

“Oh, Daddy, bakit nagawa mo ito? Bakit iniwan mo akong ganito?”

Gustong magalit ni Sydney sa ama. But she couldn't find it in her heart to hate him. Dahil unknowingly, nakinabang din siya sa ninakaw nito sa gobyerno. She had led a very prosperous life. Wala siyang ginusto na hindi niya nakuha. She had the best of everything.

Lalo pa niyang niyakap ang mga tuhod. She wailed like a baby. Wala na siyang pakialam kung umatungal man siyang parang baka. No one would hear her. She was all alone. Wala na ang mga katulong. Umalis na ang mga ito pagkalibing sa kanyang ama.

Madilim sa buong bahay nang magising ang dalaga. Pagsilip niya sa bintana ay madilim na rin. Nakatulugan na pala niya ang pag-iyak. Alas seis na ng hapon nang sulyapan niya ang wall clock.

Pumasok siya sa kusina at naghilamos. May naka-stock pang cold cuts at meat products sa refrigerator, pero hindi siya marunong magluto. Inilabas na lang niya ang bote ng peanut butter at kinuha ang plastic ng tinapay sa bread box. Nagtimpla rin siya ng hot chocolate. Kahit bland ang panlasa niya ay pinilit niyang kumain. Kailangan niyang mag-ipon ng lakas.

Pagkatapos kumain ay iniligpit niya at hinugasan ang mga kubyertos. Umakyat na siya sa kanyang silid para mag-impake.

Inilabas niya ang dalawang maleta mula sa cabinet. Isinilid niya roon ang mga damit niya. Iniwan na niya ang mga gowns at cocktail dresses na sa Singapore pa niya binili. Saan pa niya gagamitin ang mga iyon? Isa na siyang nobody sa dating social circle na kinabibilangan niya.

Napuno ng damit ang dalawang maleta.

Isinilid din niya sa luggage ang ilang libro na paborito niya. Huli niyang kinuha ang jewelry box. Inalis niya ang laman niyon at isinalin sa isang itim na canvass pouch. Magagamit niya ang mga alahas kapag naubos na ang cash in hand niya. Hindi muna niya isinama sa mga inimpakeng gamit ang mga toiletries dahil gagamitin pa niya ang mga iyon.

Nang masigurong wala na siyang nalimutan ay sandali siyang umupo sa kama. Pinagsawa na niya ang sarili sa malambot na kutson at sa mabangong bedsheet. Iginala niya ang paningin sa buong silid. Huling gabi na niyang matutulog dito.

Muli ay nag-init ang mga mata niya. She would surely miss this house and everything in it. Hindi dahil karangyaan ang sinisimbolo ng mansyon para sa kanya. Marami siyang magagandang alaala rito.

Matapos itabi ang dalawang maleta, lumabas siya ng kanyang silid. Napasulyap siya sa silid ng mga magulang. Sandali siyang tumigil at pumasok doon.

Sa ibabaw ng side table ay isang framed picture ng kanyang mga magulang. Katabi niyon ang music box na iniregalo niya sa mommy niya noong thirtieth birthday nito. Kasama niya ang kanyang yaya nang

bilhin niya iyon.

May ideyang biglang pumasok sa kanyang isip. Bakit nga ba hindi niya naalala ang kanyang yaya? Parang anak na rin ang turing nito sa kanya at siguradong hindi siya tatanggihan nito.

Tama! Kay Yaya ako pupunta.

Nakaaninag siya ng kaunting pag-asa. Kinuha niya ang framed photo at music box, bumalik sa sariling silid at isinilid ang mga iyon sa maleta. Nabawasan na ang bigat ng damdamin na kanyang dinadala.

She went to sleep that night with renewed hope.

Bukas, magsisimula siya ng panibagong buhay. Bukas, hindi na siya si Sydney Monico, the heiress. Paglabas niya sa mansyon ay isa na lamang siyang ordinaryong tao. Kailangan niyang matutong mabuhay, kailangan niyang matutong magtrabaho. It's a complete turnabout of her previous life.

Huminto ang tricycle sa tapat ng isang modest two-storey farmhouse. Yari iyon sa kahoy at kailangan na ng renovation. But it still had a very homely appeal.

Tiningnan niyang muli ang address na nakasulat sa maliit na papel na hawak niya. Iyon ang address ng Yaya Charito niya; kinopya niya iyon mula sa organizer niya.

Madaling-araw nang lisanin ni Sydney ang mansyon. At dahil hindi niya puwedeng dalhin ang isa sa mga sasakyan sa garahe, nag-abang na lang siya ng tricycle at nagpahatid sa sakayan ng bus papuntang Manila. Pagdating sa EDSA ay sumakay naman siya ng bus patungong Lucena at bumaba ng Candelaria. Mahigit tatlong oras din ang itinagal niya sa biyahe mula nang umalis siya ng Dasmariñas, Cavite.

She was filthy, tired and hungry.

Lumapit siya sa covered porch at kumatok sa pinto. Walang nagbukas. Inulit niya ang pagkatok. Tumigil lamang siya nang may sumigaw galing sa loob.

Pagbukas ng pinto ay bumungad sa kanya ang isang babaeng sa hula niya ay kaedad niya.

“Hi. Pasensya ka na. P’wede ko bang malaman kung dito nakatira si Aling Charito Camantigue?”

“Si Tita Chato? Dito nga siya nakatira pero wala na siya dito ngayon,” sagot nito.

Lalo niyang naramdaman ang pagod. Diyata't mabibigo pa siya sa pagpunta niya rito.

“P’wede ko bang malaman kung saan siya lumipat?”

Tinitigan siya ng babae nang may pagtataka.

“Hindi siya lumipat, Miss. Patay na siya. Dalawang taon na.”

Animo may sumabog na bomba sa kanyang tabi. Nakaramdam siya bigla ng panghihina. Napaupo siya sa ibabaw ng katabing maleta.

“Miss, okay ka lang?” nag-aalalang tanong nito. “Ang mabuti pa’y pumasok ka muna at nang makapagpahinga ka nang maayos. Namumutla ka.”

Hindi na siya tumutol nang alalayan siya nito papasok sa bahay. Pakiramdam niya ay nag-mistulang jelly sa panlalambot ang buo niyang katawan.

Nang maiupo siya nito sa mahabang sofa ay nawala ito sandali sa paningin niya. Pagbalik nito ay may bitbit na itong isang tray na may lamang isang platito ng chocolate cake at orange juice.

“Ang mabuti pa’y kumain ka muna.”

She gave the woman an appreciative smile.

“M-maraming salamat.” Dinampot niya ang baso ng orange juice at sumimsim.

“Tikman mo ’yung cake. Ako mismo ang nag-bake niyan,” anito na may eagerness sa tinig.

Kahit wala siyang ganang kumain ay tinikman pa rin niya ang cake bilang pasasalamat sa hospitality nito. Hindi niya inaasahang magugustuhan niya ang lasa. Hindi niya namalayang nakailang subo na siya at halos maubos na niya ang inihain nitong slice.

Nahihiya siyang sumulyap sa dalaga. Nakangiti ito.

“Sige lang, ubusin mo na.”

“Salamat uli,” aniyang tuluyan nang inubos ang serving ng chocolate cake. Nang matapos siyang kumain ay saka pa lang ito nagsimulang magtanong.

“Kaanu-ano mo ba si Tita Chato?”

“D-dati ko siyang yaya. A-ako nga pala si Sydney.”

Kumislap ang mga mata nito. “Ah, ikaw iyong madalas niyang ikuwento sa amin ni Kuya Renz noon! May ipinakita pa nga siyang picture mo. Kuha mo yata n’ung nag-graduate ka ng high school.”

Sa kabila ng lungkot ay nakadama siya ng

kaunting saya. Kahit pala umalis na sa poder nila si Aling Chato ay hindi pa rin siya nito nakalimutan. Ngayon siya nagsisising hindi pinanatiling bukas ang communication sa dating yaya.

“Ako si Micah. Pamangkin niya ako.”

Nginitian niya ang dalaga.

“P-p’wede ko bang malaman kung ano ang ikinamatay niya?”

“Diabetic si Tita Chato. Nagkaroon na siya ng komplikasyon sa puso. Inatake siya habang tumutulong sa mango farm. Nang maisugod namin siya ni Kuya sa ospital ay dead on arrival na siya.”

Napalunok siya sa biglang pagbabara ng lalamunan. Pasimple niyang pinahid ang luha sa mga mata.

“I... I’m sorry. H-hindi ko kasi alam...”

“Okay lang iyon. Alam kong naintindihan ka naman ni Tita. Tekla, maiba ako. Bakit mo nga pala siya hinahanap? Naglayas ka ba sa inyo?” tanong nito na ang pansin ay nakatutok sa dalawa niyang maleta.

“A-ano kasi...”

Siguro ay magaan lang talaga ang loob niya

sa kausap, kaya nagawa niyang ipagtapat dito ang kanyang sitwasyon. Taliwas sa inaasahan niyang pagkutya, puno ng simpatya ang naging tugon nito.

“Naku! Kawawa ka naman. Bakit pa kinuha nila lahat sa iyo, eh, hindi naman ikaw ang nagnakaw. Oops!” Bigla nitong itinakip ang isang kamay sa bibig. “Sorry, ha? Taklesa talaga ako.”

Napangiti siya. Nararamdaman niyang mabait si Micah at makakasundo niya ito.

“Ganoon daw talaga. Pero ang sabi naman ng abogado ng daddy ko, ilalaban niya para kahit kaunti man lang ay may maibalik sa akin. Pero matagal na proseso iyon. At ayokong umasa.”

Patangu-tango ito.

“So wala kang matutuluyan ngayon.”

Malungkot siyang tumango. “Babalik na lang siguro ako sa Manila. Maghahanap ako ng maliit ng apartment doon. Doon na rin ako maghahanap ng trabaho.”

Nagsalubong ang mga kilay nito. Idinikit nito ang isang daliri sa sentido at sa hitsura ay may malalim na iniisip.

“Ano kaya kung dumito ka na lang sa amin?”

“H-ha?”

“Oo. Tama! Dito ka na lang tumira. Tatal ay kaming dalawa lang ng kapatid ko ang nakatira dito. Malaki naman itong bahay.”

“P-pero...”

“Huwag mong intindihin ang upa. Hindi mo na kailangang magbayad. Basta tulungan mo na lang ako sa mga gawaing-bahay. Minsan kasi hindi ko na maasikaso itong bahay dahil sa dami ng trabaho sa farm.”

“G-gusto kong tanggapin ang alok mo, Micah... pero baka makabigat lang akong lalo sa iyo. H-hindi kasi ako marunong ng mga gawaing-bahay.”

Napanganga ang babae. Bumukas-sumara ang bibig nito pero hindi kaagad ito nakapagsalita.

“I... I’m sorry. At maraming salamat sa offer mo.”

Tatayo na siya nang pigilan nito.

“Sandali. Huwag ka nang umalis. Paniguradong mumultuhin ako ni Tita Chato kapag pinaalis kita.”

“Micah...”

“You came here because you needed help. Hindi tamang pabayaon kita. Kung narito si Tita, sigurado

akong hindi rin siya papayag na umalis ka,” katuwiran nito.

Sydney was touched. Walang pasabi siyang kumatok sa pinto ng bahay nito. Hindi siya nito kilala. And yet Micah trusted her.

“Huwag ka nang umalis. Huwag mo na ring isipin ang tungkol sa trabaho. Kung willing kang matuto, tuturuan na lang kita.”

Nagliwanag ang mukha niya. Nabunutan siya ng isang tinik sa lalamunan.

2

Sinamahan siya ni Micah sa magiging silid niya. Dahil sa pagod sa biyahe ay nakaidlip pala siya. Napabalikwas siya ng bangon nang maalalang wala na siya sa mansyon. Dali-dali siyang nagbihis. Kailangang tulungan niya si Micah sa mga trabaho sa bahay. Hindi na siya isang señořita na pupuwedeng matulog anumang oras na gustuhin niya.

Matapos matiyak na maayos ang hitsura niya ay lumabas na siya ng kuwarto. Pababa na siya ng hagdanan nang matigilan. May narinig siyang nag-uusap sa sala.

“Ulitin mo nga ang sinabi mo?” anang tinig-lalaki.

Umikot ang mga mata ni Micah. Ikatlong ulit na yata nitong ikinuwento ang nangyari. For a thirty-five-year old, gusto na nitong maniwala na mayroon nang short-term memory lapse ang panganay na kapatid.

“Really, Kuya? Hanggang ngayon hindi mo pa rin ma-gets?” pauyam na tanong nito. Tinitigan ito nang masama ng kausap. Bumuntong-hininga ito at

patamad na sumandal sa sofa. “Ang sabi ko, nagpunta dito iyong dating alaga ni Tita Chato. Hinahanap siya. Siyempre sinabi kong wala na si Tita.”

“At hindi mo na siya pinaalis dahil...?”

“She had nowhere to go. Kinumpiska ng gobyerno ang lahat ng ari-arian nila dahil sa kaso ng daddy niya.”

“Kasalanan ba natin iyon?” asik ng lalaki.

“Pero, Kuya Renz, nakakaawa siya. At saka mukha naman siyang mabait.”

“Nakakaawa? Kailan mo pa ginawang ampunan itong bahay natin? Baka naman kada may kakatok sa pinto at maaawa ka’y aampunin mo na?”

“She’s nice! And she’s pretty! At hindi ko siya paaalisin. And I’m sure kung buhay si Tita Chato, hindi rin niya tatanggihan si Sydney.”

“Iyon na nga ang punto ko. Nagpunta lang siya dito dahil may kailangan siya. Nasaan ba siya noong nakaburool si Tita? Ni hindi nga niya nagawang sumagot man lang sa kahit isang sulat n’ung matanda! I don’t care if she’s nice. I don’t even care if she’s the Goddess Venus herself! Ayokong narito siya sa bahay ko!”

Naiinis na tumayo si Micah at tinitigan nang matalim ang kapatid.

“Gusto mong palayasin siya? Fine! Ikaw ang magsabi niyan sa kanya!” Walang paalam na iniwan nito ang kapatid.

Napangiwi si Sydney dahil sa malakas na pagkakasara ng pinto. Bumalik siya sa loob ng silid at malungkot na umupo sa kama. Diyata’t nag-away pa ang magkapatid dahil sa kanya. Just when she thought she could start all over, may isang tao pala ang hindi sang-ayon sa pagtira niya sa farmhouse.

She sighed heavily.

Hindi niya nakita ang mukha ng kapatid ni Micah dahil nakatalikod ito sa kanya. But he was tall and had broad shoulders. Very firm ang muscles nito sa braso. He also had a narrow waist and strong, muscular thighs, plus a cute butt. Kung pagbabasehan niya ang hitsura ni Micah, sigurado siyang guwapo ang kuya nito dahil maganda ang dalaga.

Nakadama siya ng lungkot sapagkat hindi na siya magkakaroon pa ng pagkakataong makilala ito nang personal dahil kailangan na niyang umalis. Hindi niya gugustuhing tuluyang magkaroon ng gap ang magkapatid dahil lang sa kanya.

Kinuha niya ang dalawang maleta sa ilalim ng kama. Kanina ay nailipat na niya ang mga gamit sa cabinet bago siya nakatulog. Ngayon ay kailangan niya muling mag-empake.

Mabigat ang loob na binuksan niya ang cabinet.

Sayang... Pakiramdam pa naman niya ay magugustuhan niyang tumira rito sa farmhouse.

Nang matapos na sa pag-empake ng lahat ng gamit ay pinagulong na niya ang mga maleta palabas ng silid. Pababa na siya nang may biglang magsalita sa kanyang likuran.

“Where the hell do you think you’re going?” anang dumadagundong na tinig.

Natigilan siya. Naestatwa na siya sa kinatatayuan.

“Tinatanong kita!” singhal nito.

Tahimik na bumilang siya ng sampu at dahan-dahang humarap sa lalaki. Malakas ang kabog ng kanyang dibdib.

Napasinghap si Sydney nang makita ang mukha nito.

Salubong ang mga kilay nito and his eyes showed no gentleness. His straight nose complimented the

aristocratic tilt of his chin and the squareness of his jaw. His lips were pressed tightly. He stood a good seven inches taller than her. Bakat sa t-shirt nito ang magandang abs.

Nakita niya ang galit sa mga mata nito at hindi niya maiwasang kabahan. He had an air of danger around him, although duda siyang magagawa nitong manakit ng kapwa, lalo na ng isang babae.

“Nalulon mo ba ang dila mo?”

“Uhm, uhm...” Gusto na niyang batukan ang sarili. Hindi naman ito masasabing sobrang guwapo. Mas marami pa nga siyang kakilalang higit na magandang lalaki kaysa rito. Pero hindi rin ito pangit. And his sex appeal? It sizzled where she stood. And it was overpowering.

Humakbang palapit ang lalaki. Sa pagkataranta niya ay bigla siyang umatras. Baitang na pala ng hagdanan ang nasa likuran niya. Muntik na siyang mahulog kung hindi siya maagap na nahila ng binata.

“O-oh, God...” nanginginig na sabi niya. Napakapit siya nang mahigpit sa t-shirt nito. Wala siyang kamalay-malay na magkayakap na sila. Naging aware na lamang siya sa ayos nila nang magsalita itong muli at tumama sa mukha niya ang hininga nito.

“Are you all right?” Saglit lang ay nahimigan niya ang pag-aalala sa tinig nito. He was looking at her with a deep frown.

“I... I’m okay...” halos pabulong na lamang na sabi niya. Lumayo siya sa lalaki at muling dinampot ang handle ng mga maleta. “I... I have to go,” dugtong niya na hindi magawang tumingin sa mukha nito.

“Bakit ka aalis? Walang nagpapalayas sa iyo dito.”

“H-ha?” Her gaze flew to his face. He still had the serious expression. And his eyes hadn’t softened a bit. “P-pero narinig kong nag-aaway kayo ni Micah kanina. Y-you don’t want me here.”

“Yes, I don’t. Pero dahil nauna nang nagdesisyon ang kapatid ko, wala na akong karapatang baguhin iyon. Pamamahay din niya ito. She has the right to do what she wants. And she wants you to stay,” paliwanag nito.

“A-ayoko lang na magkaroon kayo ng di-pagkakaintindihan ng kapatid mo. Kung ako lang din naman ang magiging dahilan ng madalas na pag-aaway ninyo, mas mabuting umalis na lang ako.” Nginitian niya ang kausap na nanatiling nakakunot ang noo. “Okay lang ako, really!”

Ngumisi ito. It wasn't much of a smile but it softened his features a bit.

“Hindi mo kilala ang kapatid ko. Mas lalo niya akong aawayin kapag nalaman niyang pinayagan kitang umalis. If you don't want to cause any trouble, stay away from my path,” malamig na sagot nito. “Ibalik mo na ang mga gamit mo sa room mo pagkatapos ay bumaba ka na sa kusina. Tulungan mo na lang magluto si Micah.”

Gusto niyang magreklamo dahil para itong nagutos sa isang katulong. Pero wala siyang karapatang sumagot dahil nakikitira lang siya. She had to keep that in mind at all times. And she had to keep herself away from him at all times. Kung ayaw niyang maghalo ang balat sa tinalupan.

Lawrence released a heavy sigh. He was completely taken aback!

Hindi niya alam kung sino sa kanila ni Sydney ang higit na nagulat kaninang magkakarap sila. Hindi niya inasahan na ang magandang babaeng kakarap niya kanina ay ang patpating teenager sa mga litratong inipon ng kanyang Tita Chato.

She had grown into an exceptional beauty. Her

long, wavy hair was set up in a ponytail. She has a heart-shaped face, lush pink lips, pert nose and almond-shaped eyes in clear blue. Ang Caucasian features nito ay contrast sa kayumangging complexion ng dalaga. And yet it was a potent combination, enough to turn heads everywhere.

Alam niyang walang lalaking magdadalawang-isip na palagpasin ang pagkakataong makilala ito.

Kunsabagay ay maganda na ito noon pa man. But now that she had developed curves in the right places, she was already stunning.

Nang sabihin sa kanya ni Micah ang tungkol sa dalaga ay talagang nabigla siya. At lalo niyang ikinabigla ang idinugtong ng kapatid na titira na ito sa kanila.

Hindi naman siya galit sa dating alaga ni Tita Chato. But he didn't like her either lalo't naaalala niya ang disappointment sa mukha ng namatay na tiyahin sa tuwing babalik dito ang mga sulat na ipinadala nito sa dalaga. Hindi lang niya maintindihan kung paanong ang babaeng halos naging pangalawang ina na nito ay nagawa nitong kalimutan nang ganoon na lang.

They're all alike. Kapag wala nang pakinabang

sa iyo'y itatapon ka na lang sa isantabi na parang basahan.

Mapait siyang napangiti.

Hindi lang ang Tita Chato niya ang biktima ng pambabalewala. He had been a victim of the same treatment, mula sa babaeng pinlano niyang maging kasama habambuhay.

Nagmenor siya at inihinto ang pick-up sa parking lot ng oil mill. Direkta niyang pinamamahalaan ang operasyon dito. Pero hindi na katulad ng dati ang dami ng produksyon nila. Mahigit kalahati na nga ng workforce niya ang nabawas. Bukod sa marami nang nagsulputang kakompentensya, hindi rin sila makasabay dahil may kalumaan na ang mga oil extraction at refinery machines na gamit nila. Gusto sana niyang palitan ang mga lumang makinarya, pero malaking halaga ang kakailanganin niya.

Bumaba siya ng sasakyan. Mas maraming problemang naghihintay na hanapan niya ng solusyon. Wala siyang panahong isipin ang dalagang kapisan nila sa bahay, at ang kuwarto nito ay katabi lamang ng silid niya.

Hindi maintindihan ni Sydney ang nararamdaman.

Meeting Lawrence Camantigue turned out to be a big shock. She hadn't expected his strong effect on her.

Napatigil siya; hindi pa nga pala sila nagkakakilala. Hindi naman nito sinabi ang pangalan. Hindi rin nito itinanong kung sino siya.

Napalingon siya sa narinig na katok. Nakatayo sa bukana ng kanyang silid si Micah, nakangiti ito sa kanya.

“Hmm... nakilala mo na pala si Kuya.”

“P-paano mo nalaman?”

“Nakasalubong ko siya sa labas. Daig pa ang nakakain ng isang kaing na manggang hilaw sa asim ng mukha.”

Napahagikgik ito. Siya man ay napatawa rin.

“Ayaw sa akin ng kuya mo, Micah.”

“Naku, huwag mong pansinin 'yun! Lahat naman ayaw niya!”

Kunot ang noong lumapit siya rito.

“Baka palagi n'yo na lang akong pag-awayan. Ako pa yata ang magiging dahilan ng pagkakaroon n'yo ng gap.”

“Kayang-kaya kong sakyan ang ugali ni Kuya Renz. At saka sanay na ako sa kasungitan niya. Huwag mo na lang siyang pansinin.”

“Yun na nga lang ang gagawin ko. Alam mo bang sinabihan niya ako to stay away from his path?”

Sa kanyang pagkabigla, tumawa ang kausap.

“Alam ko. Ipinaalala nga sa akin. Pagsabihan daw kita na huwag mong pakikialaman ang teritoryo niya.”

“Teritoryo?”

“Well... sanctuary niya kasi iyong library sa ibaba. Ayaw na ayaw niyang pinakikialaman ang mga librong naroon.”

“Ganoon ba? Buti na lang sinabi mo. Mahilig pa naman akong magbasa. Pero... okay lang, hindi na lang ako papasok d’un.”

Muli itong tumawa. “Natakot ka ba kay Kuya?”

“O-oo naman! Nakakatakot kaya siyang magsalita. Kung p’wede lang siguro niya akong ihagis palabas, ginawa na niya.”

Malakas ang naging tawa ni Micah.

“Pero aminin mo, naguwapuhan ka sa kanya,

ano!”

Hindi niya maintindihan kung bakit hindi niya nagawang sumagot. Gumapang ang init sa kanyang katawan at nag-settle sa magkabila niyang pisngi.

Nanunukso ang mga mata ni Micah nang ayain siya nitong bumaba. At habang pinag-aaralan niyang magsaing nang hindi gumagamit ng rice cooker, hindi mawala sa isip ni Sydney ang nakasimangot na mukha ni Lawrence.

3

Isang linggo ang matuling lumipas. Hindi akalain ni Sydney na makakasundo niya ang laid-back na buhay sa probinsya. Masarap din pala ang mamuhay nang simple. At lalong masarap pag-aralan ang mga gawaing-bahay.

Micah had been a patient teacher. Madali niyang natutuhan ang paglilinis ng bahay. Pero hindi pa niya gaanong gamay ang pagluluto, paglalaba at pamamalantsa. Kumbaga sa estudyante, nasa preparatory pa siya. But she was very eager to learn.

Kaya nga inako niya ang pagluluto ng tanghalian nila ngayon; ginisang munggo at adobong baboy. Paborito raw iyon ni Lawrence kaya kailangang ma-perfect niya.

Sana magustuhan niya ito, piping dasal niya habang hinihimay ang talbos ng kamote na isasahog sa munggo. Nakasalang na ang adobo sa kalan. Malambot na rin ang munggo na inilaga niya.

Napapangiti pa siya habang naggigisa. Para siyang isang housewife na ipinagluluto ang parating na asawa.

Bigla siyang namula.

Oo. Crush niya si Lawrence. Mahal na nga yata niya ang binata. Kung pagmamahal na ngang maituturing ang gabi-gabing pananatili niyang gising upang pakiramdaman kung nakapasok na ito sa silid nito na katabi lang ng sa kanya. O di kaya ay ang madalas na pag-aalala kapag naaantala ito ng pag-uwi mula sa oil mill.

Napabuntong-hininga siya.

Siguro nga'y mahal ko na siya.

Ang problema, napakailap nito sa kanya. Bibihira ang pagkakataon na kinausap siya nito o pinansin kaya. Maybe he still resented having her there. Hindi nga lang ito makatanggi sa kapatid. But there were times when she could feel his burning gaze on her. Ngunit sa tuwing lilingunin naman niya ang lalaki ay nakatingin ito sa ibang direksyon. Hindi niya tuloy matiyak kung guni-guni lang niya iyon o magaling lang talaga itong umiwas.

Isinalin na niya ang nilagang munggo sa kawali. Hinintay niyang kumulo iyon bago inilagay ang talbos ng kamote. Nang maluto ang gulay ay pinatay na niya ang apoy sa gas stove. Dahil okupado pa rin ni Lawrence ang utak niya, nakalimutan niya iyong

timplahan.

Daig pa niya ang isang lovesick teenager na nangalumbaba sa mesa, may ngiti pa sa labi. Nagising lang siya sa pagde-daydream nang makaamoy ng nasusunog na pagkain. Natatarantang sinilip niya ang adobong baboy. Natuyo na ang sabaw niyon at halos dumikit na sa kaldero ang laman.

“Shit!” Mabilis niyang pinatay ang apoy. Mangiyak-ngiyak siya nang makitang sunug na sunog ang ulam.

Unang subo pa lang ay hindi na maipinta ang mukha ni Lawrence. Kinakabahang napakagat-labi si Sydney. Para itong nakakain ng isang bandehadong sili sa pamumula ng mukha.

“Ano bang klaseng ulam ito? Adobo ba ito o inihaw?” patuyang tanong nito. Umiiling na inilayo nito ang bandehado ng adobo at sumandok na lang ng munggo. Nasamid ito nang matikman ang ulam.

“Anak ng...!” Padabog nitong ibinaba ang kubyertos. Galit itong bumaling sa kanya. Hindi naman niya malaman kung paano magtatago sa matatalim na titig nito. “Wala ka bang taste bud? O hindi mo lang alam kung ano ang maalat at kung

ano ang matabang? Una, sinunog mo ang adobo. Eto namang munggo, ni hindi mo yata nilagyan ng asin! Aba'y kahit gutom na gutom ako, hindi tatanggapin ng sikmura ko itong mga niluto mo!"

"Kuya..." pigil ni Micah sa kapatid.

Padabog itong tumayo.

"O, saan ka pupunta?" tanong dito ni Micah. Lawrence snarled.

"Kung ikaw magtitiyaga sa niluto ng babaeng iyan, ako hindi! Makikikain na lang ako kina Mang Ambo. Baka magkasakit pa ako nang di-oras sa mga pagkain dito!" parinig nito at binirahan ng layas.

Hindi na napigil ni Sydney ang damdamin. Napahagulgol siya.

"Sydney..." Tinapik-tapik siya ni Micah sa balikat. "Pasensya ka na kay Kuya."

"I... I'm sorry, Micah. Sinunod ko naman ang itinuro mo. Nakalimutan ko lang talagang timplahan iyong munggo. At saka, hindi ko sinasadyang masunog iyong adobo."

"I know. Mahirap talagang magluto. Ako nga noon, nakailang palpak din bago ako nakapagluto nang maayos. Ganyan talaga sa umpisa. Sa susunod,

huwag mo na lang kalimutang tikman ang niluluto mo.”

“Nakakahiya naman sa kuya mo.”

“Naku, masyado lang OA ’yun! Hayaan mo na nga siya. P’wede naman niyang lagyan na lang ng patis iyong munggo. At saka, hindi gaanong nakasama sa lasa iyong pagkasunog ng adobo. Maarte lang talaga ang lalaking iyon.”

“P-pero...”

“Ang mabuti pa, isalang ko na lang uli ang munggo para matimplahan natin.”

Kinuha nito ang mangkok ng gulay at muling pumasok sa kusina. Sinundan niya ito.

“Micah, m-may pera naman ako. Babayaran ko na lang iyong nasayang na ingredients.”

Nagtataka itong sumulyap sa kanya.

“Ha? Bakit mo naman babayaran?”

“Eh, kasi...” Lukot na lukot na ang laylayan ng kanyang t-shirt dahil kanina pa niya iyon pinupulupot. “Baka isang rason pa kaya nagagalit ang kuya mo dahil iniisip niyang nasayang lang ang ginamit kong sahog.”

Umingos ito. “Hayaan mo na lang. Sabi ko nga, masyado lang OA si Kuya. Ewan ko ba sa kanya. Hindi naman siya masungit dati. Magmula lang n’ung...” Animo bigla itong natauhan. Natigilan ito sandali.

“Magmula noong ano? M-may nangyari bang hindi maganda sa kuya mo?” interesadong tanong niya.

Napansin niyang nag-aalangan itong magkuwento. Itinikom na rin niya ang bibig. Ilang segundo rin silang tahimik nang muling nagsalita si Micah.

“Alam mo, sa totoo lang, ang laki ng naging sakripisyo ni Kuya. Nang mamatay ang Itang at Inang, napunta sa kanya ang responsibilidad sa pagpapatakbo nitong farm at ng oil mill. Kaga-graduate lang niya ng Agriculture sa *UP Los Baños*. Ang balak sana niya noon, mag-apply sa Japan. Pero hindi na natuloy dahil kailangan na siya dito sa farm. Hindi naging madali sa kanya lalo’t nadagdagan pa ng responsibilidad ng pag-aalaga sa akin. Twenty-two pa lang siya noon.”

Tahimik na nakikinig si Sydney. At twenty-two, wala siyang ginawa kundi ang mag-shopping at mag-tour sa iba’t ibang lugar. Samantalang si Lawrence ay nagbabanat na ng buto at kasing-laki na ng mundo ang hinahawakang responsibilidad.

“Hindi maganda ang lagay ng farm noon. At muntik na ring maipasara ang oil mill. Pero nagsikap si Kuya. Hanggang sa makabawi muli ang farm. Iyon nga lang, pati personal na buhay niya’y napabayaang niya. Pati love life niya, naapektuhan.”

“M-may girlfriend ba ang kuya mo noon?”

Nalukot ang mukha ni Micah. “Mayr’on, si Nadia. Pero hindi niya nahintay si Kuya. Nang makakilala ng mayamang taga-Maynila, hayun at nagpakasal sa lalaking ’yon. Palibhasa may-kaya din ang pamilya nila at ayaw ng parents niya sa kapatid ko.”

“Oh! Kaya naman pala gan’un na lang ang galit ng kuya mo sa akin. Baka iniisip niya na pareho lang kami ni N-Nadia.”

“Tingin ko nga rin. Pero iba ka naman sa babaeng iyon. At saka...” Humarap ito sa kanya. “Sa atin lang ito, ha? Hindi rin naman ako boto sa babaeng iyon para sa kuya ko. Ewan ko ba, pero mainit talaga ang dugo ko sa kanya. Hindi ko na nga lang pinapansin kasi nga nobya ni Kuya Renz. N’ung nalaman ko ngang iniwan niya si Kuya, gusto kong lumundag sa tuwa.” Humagikgik ito.

Napangiti na rin siya. Napalis bigla ang bad mood niya. Pakiramdam niya ay malaking plus factor na

magkasundo sila ni Micah. Wala siyang magiging problema sakaling maging hipag niya ito.

Hipag ka diyan! Eh, ni hindi ka nga maka-first base!

Nawala ang ngiti niya.

“O, tikman mo kung okay na.” Inalok sa kanya ni Micah ang isang kutsara na may kaunting munggo. Sumarap na iyon dahil natimplahan na ng pampalasa. Nag-thumbs up siya, sabay ngiti.

Next time, ipe-perfect ko na talaga ang pagluluto!
determinado niyang sabi sa sarili.

Nang gabing iyon ay muli siyang sumubok. Ipinagluto niya ng chicken macaroni soup si Lawrence. At matiyaga rin niya itong hinintay sa sala.

Pasado alas ocho nang huminto sa tapat ng bahay ang pick-up nito. Kabadong tumuwid ng upo sa pang-isahang sofa si Sydney. Kung bakit kasi kay agang matulog ni Micah. Wala tuloy siyang kakampi sakali mang sermunan uli siya ng binata.

Pagpasok nito ay nagulat pa ito nang makita siya.

“Bakit gising ka pa?” malamig nitong tanong.

Mukha itong pagod. Bigla tuloy siyang naawa. Sana ay nakakain ito nang maayos kung saan man ito nakikain kanina.

“H-hindi kasi ako sanay matulog nang maaga.”

Sandali lang siya nitong tinitigan. Umupo ito sa mahabang sofa, malalim na bumuntong-hininga at isinandal ang ulo sa sandalan. Gustung-gusto na niya itong lapitan. Nangangati ang kamay niyang hagurin ng mga daliri ang noo nito. Gusto niyang maibsan kahit kaunti ang pagod na nararamdaman nito.

“G-gusto mo ba ng kape?”

“No, I’m okay. Magtitimpla na lang ako mamaya,” tugon nito, dismissive ang tono. Gusto niyang ma-offend. Para na rin nitong sinabi na lumayas na siya sa harapan nito at hindi siya nito kailangan.

Nakapikit ang binata. Salubong ang mga kilay nito. Minasahe nito ang sentido.

“M-masakit ba ang ulo mo? Gusto mo, hilutin ko?”

Napangiwi siya dahil sa katabilan. Nakagat niya ang pang-ibabang labi nang dumilat ito at tumitig sa kanya. She was expecting he’d send her away with a cynical remark.

“P’wede ba?” mahinang tanong nito.

Pinigil niya ang sariling mapalundag sa tuwa. Sa wakas, mahahawakan din niya si Lawrence!

She eagerly rose from her seat and walked to where he was sitting. She stood behind him and placed her fingers on his temple. Muli itong pumikit.

Nag-concentrate siya sa paghihilot, her fingers gentle yet firm. Unti-unti ay nag-relax ang mga tensed na ugat nito. Nawala na rin ang pagkunot ng noo ng lalaki.

Limang minuto rin niyang ginawa iyon bago umangat ang isang kamay nito, senyales na tumigil na siya.

“That’s enough. Okay na ako.”

Nabigla ma’y lumayo na rin siya.

“Sige na, Sydney. Matulog ka na,” utos nito sa kanya.

“N-nagluto nga pala ako ng soup. Iinitin ko lang just in case magutom ka. Don’t worry, okay na ang lasa. I... I mean, hindi pa rin kasing-sarap ng luto ni Micah, pero, p-p’wede mo nang pagtiyagaan.”

Gusto niyang batukan muli ang sarili. Paano niya

ito makukumbinsing kainin ang niluto niya kung ganoon ang kanyang banat?

Iiling-iling na tumalikod siya at pumasok sa kusina. Ininit lang niya ang sopas. On her way to the stairs, nakita niyang ganoon pa rin ang ayos ng binata sa sofa. Hindi niya sigurado kung nakatulog na ito. Pero hindi na niya ito nilapitan.

Lawrence watched her with half-closed lids. Alam niyang gusto ni Sydney na mapalapit sa kanya. Wala namang problema sa kanya iyon. Hindi siya likas na snob. If only she wasn't that too damn attractive. He couldn't risk another personal attachment with anybody right now. Hindi ngayong hindi maganda ang lagay ng farm at oil mill. Baka matulad lang sa nangyari noon kay Nadia. Na hindi malabong mangyari considering na galing sa yaman ang dalagang nakatira sa kanila ngayon.

He couldn't risk another heartbreak.

Tumayo siya at pumasok sa kusina. Magtitimpla lang sana siya ng kape, pero nakita niya ang kaserola ng sopas na tinutukoy ni Sydney. Naengganyo siyang sumandok sa mangkok nang masarapan sa amoy.

Tinikman niya iyon; medyo maalat. Pero may

lasa na, hindi katulad ng pagkakaluto nito ng ulam kanina. Katulad ng sinabi ng dalaga, puwede na niyang pagtiyagaan.

Napangiti siya. Ang isang subo ay nasundan pa hanggang sa maubos na niya ang nasa tasa at sumandok pa ng second serving. Busog na busog siya nang umakyat sa kanyang silid.

Pagkatapos mag-shower ay naupo siya sa kama at nanood ng TV. Hindi pa siya makatulog dahil hindi pa bumababa ang kinain niya. Nagustuhan kasi niya ang niluto ni Sydney.

Muli ay napangiti siya nang maalala ang dalaga. Ang akala niya noon ay maiinip ito sa mabagal at routinary na takbo ng buhay probinsya. But she seemed to be enjoying it everyday. At halata sa hitsura nito ang pagkahiyang sa kapaligiran nila.

Nagkaroon ng natural na pamumula ang mga pisngi nito. And her tanned complexion achieved a nice glow. Mas higit itong kaakit-akit ngayon. Kung magagawi nga lang ito sa niyugan o kaya ay sa oil mill, tiyak na pagkakaguluhan ito ng mga tauhan niya.

Nalukot ang kanyang mukha. Parang hindi niya gusto ang scenario na pinapalibutan ito ng mga lalaki.

You're starting to fall for her, Lawrence.

Ipinilig niya ang ulo. Dinampot niya ang remote at ini-off ang TV. Tumayo siya para sana magpahangin sa terasa. Pero bago niya gawin iyon ay idinikit muna niya ang tainga sa connecting wall ng kuwarto nila ni Sydney. Wala na siyang marinig na ingay. She was probably asleep.

Saka pa lamang siya lumabas.